

Alawans para sa Sakit at Proteksyon ng Empleyado sa Ilalim ng mga Alituntunin Laban sa Epidemya

Ang Ordinansa sa Paggawa (Amyenda) 2022 ay isinagawa sa Hunyo 17, 2022.

Kabilang sa mga malalaking amyenda ang:

- Saklaw ng araw para sa sakit sa ilalim ng Ordinansa sa Paggawa (EO) ang isang araw kung saan ang isang empleyado ay hindi papasok sa trabaho sa kadahilanan ng kanyang pagtupad sa tukoy na mandato na nagpapatupad ng pagbabawal sa paggalaw sa ilalim ng Ordinansa sa Pagpipigil at Pagkontrol ng Sakit (Cap. 599) (hal. ang pagbabawal na ipinatupad sa pamamagitan ng kautusan ng pagbubukod, ang kautusan sa pag-quarantine o ang “deklarasyon ng pagsusuri kaugnay ng pagbabawal” habang hindi sakop ang pagbabawal na ipinatupad sa mga taong dumating sa Hong Kong).
 - Patunay na Kailangan: Pisikal na kopya o elektronikong porma ng dokumento, o ang elektronikong datos na ibinigay ng Gobyerno, na nagpapakita ng pangalan ng empleyado, o impormasyon na makakapagbigay alam ng pagkakakilanlan ng empleyado; ang uri ng pagbabawal na ipinatupad na nabanggit; at ang pag-uumpisa at huling araw ng nasabing pagbabawal.
 - Ang mga tagapag-empleyo ay kailangang magbigay ng alawans para sa sakit sa mga kwalipikadong empleyado*.
(*Ang mga may pag-empleyo sa ilalim ng patuloy na kontrata, pagliban dahil sa sakit na kinuha ay hindi bababa sa 4 na magkakasunod na araw, pinagsama samang sapat na bilang ng araw para sa sakit na may bayad at pagliban sa dahil sa sakit ay sinusupportahan ng mga patunay na kailangan na binanggit sa itaas.)
- Ang pagtanggap sa empleyado sa kadahilanan ng pagliban ng empleyado mula sa trabaho dahil sa kanyang pagsunod sa pagbabawal na nabanggit sa itaas ay kinokonsiderang hindi makatarungang pagtanggap sa ilalim ng EO.
- Kung ang tagapag-empleyo ay nagsagawa ng kahilingan para sa pagpapabakuna para sa COVID-19 nang pasulat at ang empleyado na syang hindi exempted mula sa sinabing pangangailangan ay tinanggal dahil sa pagkabigo nitong magbigay ng patunay ng pagtanggap ng bakuna para sa COVID-19 sa loob ng 56 na araw mula sa araw ng pagsasagawa ng naturang kahilingan, ang pagtanggap ay hindi

ikokonsiderang hindi makatarungang pagtanggap sa ilalim ng EO. Ang mga naaangkop na probisyon ay babawiin sa oras na ang pandemya ay kontrolado na at ang pagbabakuna ay hindi na isang pangunahing usapin sa pampublikong kalusugan.

Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa website ng Kagawaran ng Paggawa www.labour.gov.hk/eng/news/EAO2022.htm.

Ang pangangailangan para sa pagbabakuna at pagsasaayos ng hindi napapabilang ay ibinigay bilang mga sumusunod:

Mga sitwasyon vis-à-vis sa “Pass para sa Bakuna”	Mga Kinakailangan sa Pagbabakuna	Mga empleyadong hindi kasama mula sa pagbibigay ng patunay ng bakuna
<p>Mga lugar kung saan ang “Pass sa Bakuna” ay ipinapatupad sang-ayon sa lehislatura*</p> <p>Lugar ng pagtatrabaho ay sa loob ng nabanggit na mga lugar sa ilalim ng “Pass sa Bakuna”</p> <p>Hal. Mga kawaning nagtatrabaho sa lugar ng kainan, mga lugar pampalakasan, lugar pampaganda, atbp.</p>	<p>Ang mga empleyado ay kailangang sundin ang mga kinakailangan para sa pagbabakuna ng “Pass sa Bakuna” at magbigay ng patunay ng pagbabakuna</p>	<p>✓ Ang pangunahin para sa mga empleyado na mayroong balidong Sertipiko para sa Pangmedikal na Hindi Pangangailangan ng Bakuna sa COVID-19 (Sertipiko ng Hindi Pangangailangan)</p>
<p>Iba pang mga lugar kung saan ang “Pass sa Bakuna” ay ipinapatupad</p> <p>Ang mga empleyado na magsasagawa ng partikular na uri ng trabaho kung saan ang Gobyerno ay nagpapatupad ng pangangailangan o magsasagawa ng rekomendasyon na makatanggap ng pagbabakuna</p> <p>hal. Ang kawani ay nagtatrabaho sa mga tahanan para sa pangangalaga ng matatanda at pampublikong ospital, atbp.</p>	<p>Ang mga empleyado ay kailangang sundin ang mga naaangkop na kailangan sa pagbabakuna o rekomendasyon ginawa ng Gobyerno at magbigay ng patunay ng pagbabakuna</p>	

Mga lugar kung saan ang “Pass para sa Bakuna” ay hindi kailangan

Hal. Mga pangkalahatang opisina ng mga kawani para sa gusaling pangkomersyal

Ang mga empleyado ay magbibigay ng patunay ng pinakamababa ay isang dosis ng bakuna

- ✓ Ang mga empleyadong mayroong balidong Sertipiko ng Hindi Pangangailangan
- ✓ Ang mga empleyado na buntis o nagpapasuso
- ✓ Ang mga empleyado na sa loob ng 6 na buwan mula sa araw ng diagnosis ay nagkaroon ng COVID-19

*Inilabas ang Direktiba sa Pass sa Bakuna ayon sa Regulasyon sa Pag-iwas at Pagkontrol ng Sakit (Pass sa Bakuna) (Cap.599L).

[Paunawa: Ang lupon ng impormasyong ito ay inilagak sa mga simpleng termino ng mga amyenda sa EO. Ang EO ay nananatiling pangunahing otorisado para sa mga probisyon ng pagpapaliwanag ng batas.]



勞工處
Labour Department

Hotline para sa Katanungan: 2717 1771
(Ang hotline ay pinanghahawakan ng “1823”)



Pook-sapot ng Kagawaran ng Paggawa:

www.labour.gov.hk